# Rehiyonal na Pagboto sa Filipinas: Isang Etikal na Pagsusuri Gamit ang Pilosopiya ng Sakop ni Leonardo Mercado

**Carla Jane C. Zitazate**
University of Santo Tomas | carlajane.zitazate.ab@ust.edu.ph

**Abstrak:** Ang rehiyonal na pagboto (regional voting) ay isang penomenon sa Filipinas kung saan nakabatay ang boto ng isang indibidwal sa teritoryal na pagkakaugnay niya sa isang kandidato. Ang hindi patas na distribusyon ng boto ay itinuturing na balakid sa ganap na pagkakaisa ng mga Filipino tungo sa pambansang kaunlaran at pagkakaroon ng hindi makatarungang eleksyon. Layunin ng papel na ito na susuriin ang penomenon ng rehiyonal na pagboto gamit ang mga nakapaloob na etikal na konsepto sa pilosopiya ng sakop ni Leonardo Mercado. Sa ganitong uri ng pananaw-sa-mundo na may mataas na pagpapahalaga sa relasyon niya sa kapwa at kapakanan ng kanyang sakop ay makikita ang pagkakaiba ng mga batayan sa tama at mabuti, mali at masama sa kung ano ang magbibigay kasiyahan at kabiguan sa kanyang sakop. Ang konsepto ng kabutihang panlahat ay anumang nakabubuti sa "lahat" ng kasama sa kanyang sakop; ang pagkakaroon ng dobleng pamantayan ng katarungan; at ang pamantayan sa pagpili ng mabuting lider ay kung sino mang makabubuti at magbibigay kaunlaran sa kanyang sakop at sarili. Sa gayon, mahalaga ang isasagawang pag-aaral upang maunawaan ang penomenon na ito at magkaroon ng pagsusuri tungo sa mga kinakailangang pagbabago upang maglagay kaayusan sa negatibong dulot ng rehiyonalismo partikular sa darating na Halalan 2022. Maaari ding ituring ang papel na ito bilang pagpapalawak sa etikal na katangian ng pilosopiya ng sakop.

**Mga Susing Salita:** *pagbotong rehiyonal, Leonardo Mercado, pilosopiya ng sakop, etika*

## Panimula

Isa sa mga kulturang Filipino tuwing eleksyon ay ang rehiyonal na pagboto (regional voting) kung saan nakabatay ang boto ng isang indibidwal sa teritoryal na pagkakaugnay niya sa isang kandidato. Itinuturing na may kaniya-kaniyang balwarte ang bawat kandidato batay sa lugar kung saan siya pinanganak o kung saan sila naninirahan. Ang balwarte ay ang lugar na inaasahang pagkukunan ng boto ng isang kandidato kung kaya malaki ang epekto nito sa resulta ng mga halalan sa Pilipinas. Sa gayon, ang rehiyonal na pagboto ay itinuturing na balakid sa ganap na pagkakaisa ng mga Filipino tungo sa pambansang kaunlaran at ang pagkakaroon ng hindi makatarungang eleksyon. Ang penomenon na ito ay maaaring tingnan mula sa lente ng kasaysayan at pulitika, subalit mas bibigyang-pansin at layon ng papel na ito ang pagsusuri sa etikal na aspekto ng rehiyonal na pagboto sa Pilipinas mula sa lente ng pilosopiya ng sakop ni Leonardo Mercado. Ang pilosopiya ng sakop ay hindi lamang maituturing na kultural o antropolohikal na konsepto kundi mayroon ding mga nakapaloob na etikal na konsepto dito. Ang mga etikal na konseptong tama at mali, mabuti at masama, kabutihang panlahat, katarungan, at mabuting lider ang gagamitin bilang pangunahing pamantayan ng pagsusuri sa rehiyonal na pagboto. Titingnan sa papel na ito kung paano nakakaapekto ang *sakop* ng isang indibidwal sa

© TALISIK

(cc) BY-NC

kanyang batayan ng tama at mali, mabuti at masama at paanong maaaring magbago ang kanyang pananaw sa konsepto ng kabutihang panlahat, katarungan, at mabuting lider.

Sa unang bahagi ng papel bibigyang paliwanag ang penomenon ng rehiyonal na pagboto sa Pilipinas gamit ang historikal na pananaw ni Teodoro Agoncillo at ang politikal na pag-aaral ni Julio Teehankee. Dito rin tatalakayin ang kahalagahan nito sa kontemporaneong panahon, partikular sa nakaraang halalan noong taong 2022. Sa bahaging ito rin ilalahad ang mga patunay na isang penomenon sa Filipinas ang rehiyonal na pagboto at ang iba pa nitong katangian. Sa susunod na bahagi ay tatalakayin ang pilosopiya ng sakop ayon kay Leonardo Mercado at ang ugnayan nito sa rehiyonal na pagboto partikular ang pagpapaliwang sa dalawang mahalagang katangian ng sakop: ang interpersonal at herarkiyang katangian na mapapansing taglay rin ng rehiyonal na pagboto. Sa ikatlong bahagi ng papel matatagpuan ang etikal na pagsusuri sa rehiyonal na pagboto. Sa bahaging ito titingnan ang mga pagbabagong naganap sa pagtingin ng mga Filipino sa konsepto ng tama at mali, mabuti at masama, kabutihang panlahat, katarungan, at mabuting lider kaugnay ng pilosopiya ng sakop ni Mercado. Ang pinakahuling bahagi ng papel ay maglalagom sa lahat ng konseptong nabanggit pati ang pagbibigay ng paliwanag kung paano ang papel na ito ay maaaring maging isang pagpapalawak ng pilosopiya ng sakop ni Mercado at ang kahalagahan nito sa kasalukuyang panahon partikular sa nalalapit na Halalan 2022.

## Rehiyonal na Pagboto bilang isang Penomenon

Ang mga Filipino ay kilala sa pagiging rehiyonalistiko kung saan mayroong pagkakahati sa pagitan ng iba't ibang rehiyon gaya halimbawa ng Cebu, NCR, Ilocos, o Zamboanga. Ang pagkakaroon ng rehiyonalistikong saloobin ay maaaring makita sa larang ng wika partikular sa malaking pagitan ng agwat ng mga wikang Bikol, Cebuano, Hiligaynon, Ilocano, Kapampangan, Pangasinense, Tagalog, at Waray.[1] Sa pananaw naman ng kasaysayan, ang pagiging rehiyonalistiko ng mga Filipino ay pinanghimok noong panahon ng mga Kastila bilang isang paraan upang mapigil ang anumang pag-aaklas o rebelyon laban sa pamahalaang Espanya.[2] Sa larang ng politika, makikita ang simula nito noong panahon ng mga Amerikano kung saan nakabatay ang elektoral na politika sa mga munisipalidad na nagtatag at nagpatibay sa mga lokal na mayayamang pamilya hanggang sa maluklok na sila sa isang pambansang posisyon.[3]

Ang binigyang tuon ng papel na ito ay ang politikal na aspekto ng pagiging rehiyunalistiko ng mga Filipino partikular ang rehiyonal na pagboto. Ayon kay Julio Teehankee (2002), ang uri ng elektoral na politikang itinatag ng mga Amerikano ay nagresulta sa pagkakatatag ng balwarte ng mga politiko sa kani-kanilang bayan o probinsya. Hindi lamang rehiyonal na pagboto ang naging resulta nito kundi pagkakatatag ng mga *political families* at *political dynasties* na madalas ay hawak ang matataas na lokal na posisyon gaya ng alkalde, gobernador, o kongresista. [4] Ang mga *political families* na ito ay may malaking epekto sa rehiyonal na pagboto dahil ang mga politikong tumatakbo sa mga pambansang

[1] Florentino T. Timbreza, "Pamimilosopiya Sa Sariling Wika: Mga Problema at Solusyon," *Malay* 22, no. 1 (September 2009): 32, https://doi.org/10.3860/malay.v22i1.1351.

[2] Teodoro A. Agoncillo, History of the Filipino People, Eight Edition (C & E Publishing, Inc., 1990).

[3] Alfred W. McCoy, An Anarchy of Families: State and Family in the Philippines (Ateneo de Manila University Press, 1994).

[4] Julio Teehankee, "Electoral Politics in the Philippines," Friedrich-Ebert-Stiftung, Electoral Politics in Southeast & East Asia, 2002, 149.

© TALISIK

(cc) BY-NC

posisyon ay madalas nagmumula sa mayayaman at maimpluwensyang pamilya sa isang rehiyon at matagal na nanungkulan sa lokal na pamahalaan.

Sa ganitong penomenon, ipinagpapalagay na ang boto ng kanyang mga lokal na kababayan ay agarang nasa kanya dahil sila ay napapabilang sa iisang lungsod o rehiyon. Halimbawa, lubos na mapapansin ang penomenon na ito pagdating sa paghalal ng Pangulo at Ikalawang Pangulo ng bansa. Mas mababanaagan ito sa pag-aaral ni Atty. Josephus B. Jimenez (2021) sa daloy ng rehiyonal na pagboto sa kasaysayan ng eleksyon sa Pilipinas. Ayon kay Jimenez:

> Noong 1935 nanalo si Manel Quezon sa Tayabas, si Aquinaldo sa Cavite at si Aglipay sa Ilocos Norte. Noong 1941, nanalo uli si Quezon sa Tayabas ngunit natalo si Juan Sumulong sa kanyang sariling balwarte sa Rizal laban kay Quezon. Noong 1946, nanalo si Manuel Roxas sa Capiz at si Don Sergio sa Cebu. Noong 1949, nanalo si Elpidio Quirino sa Ilocos Sur at si Laurel sa Batangas. Noong 1953, nanalo si Ramon Magsaysay sa Zambales at si Quirino sa Ilocos. Noong 1957, nanalo si Carlos P. Garcia sa Bohol. Noong 1965, nanalo si Ferdinand Marcos Sr. sa Ilocos Norte at si Macapagal sa Pampanga ngunit natalo si Osmeña sa kanyang balwarte sa Cebu. Noong 1986 sinuportahan ng mga taga-Tarlac si Cory Aquino. Noong 1992 naman ay kay Fidel V. Ramos ang boto ng mga Pangasinense. Noong 1988, nanalo si Erap sa San Juan. Noong 1994, nanalo si Gloria Macapagal-Arroyo sa Pampanga. Noong 2010, si PNoy sa Tarlac at noong 2016 nanalo ang kasalukuyang pangulong Rodrigo Duterte sa Davao at sa malaking bahagi ng Mindanao. [5]

Mapapansin dito na maaaring may katotohanan ang penomenon kung saan ang mga kumakandidato sa posisyon ay sinusuportahan ng kani-kanilang balwarte. Malaking bahagi rin ng mga kandidatong ito ay nagmula sa mayayamang pamilya sa kanilang rehiyon at nanungkulan muna nang matagal sa lokal na pamahalaan bago nakarating sa nasyonal na pamahalaan. Ilang mga halimbawa dito sina Quirino na anak ng isang *commissioner officer* ng mga Kastila ay nagsilbing kongresista ng unang distrito ng Ilocos Sur[6]; si Garcia na anak ng alkalde sa Talibon, Bohol na nagsilbi nang apat na termino at nang lumaon ay siya ring nagsilbi bilang kongresista at gobernador ng Bohol[7]; si Marcos Sr. na anak ng isang abogado at kongresista ng Ilocos Norte ay sinundan niya ang kanyang ama sa pagiging kongresista ng Ilocos Norte bago siya naging presidente[8]; si PNoy ay anak ni Cory at Benigno Aquino II na prominenteng pamilya sa Filipinas ay nagsilbi munang kongresista ng Ikalawang Distrito ng Tarlac[9]; at si Estrada naman ay matagal na nanungkulan bilang alklade ng San Juan bago naging presidente ng Filipinas[10].

Sa kasalukuyang panahon, mapapansin pa rin ang pagkakahating ito ng mga Filipino. Maaari nating tingnan ang mga kaganapan noong nakaraang Halalan 2022. Kagaya ng nakalipas na Halalan 2016 kung saan nakuha ni Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. ang suporta ng kanyang balwarte na Ilocos Region pati na rin ang karatig nitong mga rehiyong Cordillera Administratrive Region, at Cagayan Valley na kilala sa bansag na "Solid North" ay inaasahang makukuha pa rin niya ang boto ng

---

[5] Josephus B. Jimenez, "Regional Voting Patterns," The Freeman, April 8, 2021, sec. Opinion. https://www.philstar.com/the-freeman/opinion/2021/04/08/2089651/regional-voting-patterns

[6] "Elpidio Quirino," Your Dictionary, accessed November 24, 2021, https://biography.yourdictionary.com/elpidio-quirino.

[7] "Today in Philippine History, November 4, 1986, Carlos P. Garcia Was Born in Talibon, Bohol," The Kahimyang Project, accessed November 24, 2021, https://kahimyang.com/kauswagan/articles/1328/today-in-philippine-history-november-4-1896-carlos-p-garcia-was-born-in-talibon-bohol.

[8] The Editors of Encyclopaedia Britannica, "Ferdinand Marcos Ruler of the Philippines," Britannica, accessed December 1, 2021, https://www.britannica.com/biography/Ferdinand-E-Marcos.

[9] Melissa Albert, "Benigno Aquino III," Encyclopedia Britannica, June 24, 2021, https://www.britannica.com/biography/Benigno-Aquino-III.

[10] The Editors of Encyclopaedia Britannica, "Joseph Estrada," Encyclopedia Britannica, April 15, 2021, https://www.britannica.com/biography/Joseph-Estrada.


CC BY-NC

mga ito.[11] Sa kabilang banda, "hawak" naman ng isa pang *presidential aspirant* noon na si Leni Robredo ang rehiyon ng Bicol kung saan siya ipinanganak.[12] Si Sen. Manny Pacquiao na isa ring presidential aspirant ay inaasahang makukuha ang boto ng kanyang mga kapwa taga-Mindanao.[13]

Ang ganitong konsepto ng rehiyonal na pagboto ay kakaiba sa konsepto ng rehiyonal na pagboto ng mga Kanluraning bansa gaya ng United Kingdom, Canada at Australia na nakabase sa dalawang pang-ekonomikal na pagkakahating konserbatismo at progresibo habang ang bansang United States ay nakabase ang rehiyonal na pagboto sa pagitan ng mga Republikano at Demokratiko.[14] Ang mga pagkakahating ito sa pagitan ng konserbatismo at progresibo, at sa pagitan ng Republikano at Demokratiko ay nakaugat sa pagkakaiba sa pinaniniwalaang ideyolohiya at indibidwal na prinsipyong pinanghahawakan ng isang mamamayan. Halimbawa, isa sa mga pangunahing pagkakaiba ng Demokratriko at Republikano ay nakasentro sa magkaibang pananaw sa gampanin ng pamahalaan sa lipunan. Para sa mga Demokratiko, kinakailangan ang aktibong papel at pagsuporta ng pamahalaan sa pagpapatupad ng mga batas at mga proyekto para sa mas malawak na kaunlaran ngunit para sa mga Republikano, mahalaga ang limitadong kontrol at impluwensya ng pamahalaan sa mga batas at proyekto partikular sa pagpapatupad ng mga polisiya patungkol sa ekonomiya at negosyo upang mapanatili ang "free market".[15]

Kung para sa mga Kanluranin nakabase ang rehiyonal na pagboto sa pinaniniwalaang ideyolohiya ng isang rehiyon, sa sinasaligang kandidato na kasama sa kanyang sakop naman ang pinagbabasehan ng mga Filipino sa pagpili ng kanilang mga opisyal. Ang kaugnayan ng rehiyonal na pagboto at pilosopiya ng sakop ay tatalakayin sa susunod na bahagi ng papel na ito.

Sa panghuling punto, ang ganitong uri ng kultura ay nakakabahala dahil sa hindi maayos na distribusyon ng boto na maaaring magresulta sa hindi patas at hindi makatarungang eleksyon. Mahalaga ang magiging gampanin ng papel na ito upang maisiwalat kung anong klase ng pag-iisip at moral na pagpapahalaga mayroon ang mga Filipino at paano ang mga ito nakakaapekto sa pagpili nila ng isang kandidato. Ang pangunahing metodong gagamitin ay etikal na pagsusuri gamit ang pilosopiya ng sakop ni Mercado.

## Ang Kandidato bilang Parte ng kanyang Sakop

Ang pilosopiya ng sakop ni Leonardo Mercado ay tumutukoy sa grupo ng mga tao na nagsama-sama maaaring dahil sa pagkakalapit ng lugar gaya ng magkapitbahay at magkaklase; magkasama sa iisang kompanya o pagkakaparehas ng trabaho gaya ng mga korporasyon at pederasyon, at sa pagkakapareho ng interes at libangan gaya ng isang pagkakaibigan.[16] Sa penomenon ng rehiyonal na

---

[11] "Solid North Backs Bongbong-Sara in 2022 Elections," The Manila Times, August 28, 2021, https://www.manilatimes.net/2021/08/28/news/regions/solid-north-backs-bongbong-sara-in-2022-elections/1812623.

[12] Adrian Ayalin, "VP Robredo Hopes for Solid Bicol Vote as She Wraps up 5-Day Trip in Home Region," ABS-CBN News, October 31, 2021, https://news.abs-cbn.com/news/10/31/21/robredo-hopes-for-solid-bicol-vote-as-she-wraps-up-5-day-trip-in-home-region.

[13] Jan V. Escosio, "Pacquiao Eyes More Votes in Visayas, Mindanao," Inquirer.net, November 21, 2021, https://newsinfo.inquirer.net/1518067/pacquiao-eyes-more-votes-in-visayas-mindanao.

[14] Jimenez, Regional Voting Patterns.

[15] Pew Reserach Center, "Beyond Red vs. Blue: The Political Typology," *Pew Research Center*, November 20, 2021, 5–169, https://www.pewresearch.org/politics/wp-content/uploads/sites/4/2021/11/PP_2021.11.09_political-typology_REPORT.pdf

[16] Leonardo N. Mercado, "Sakop and the Individual," in *Elements of Filipino Ethics* (Tacloban City: Divine Word University Publications, 1978), 47.


ISSN 2362-9452
(cc) BY-NC

pagboto, ang primaryang dahilan ng pagkakaugnay ng kandidato at botante ay ang pagkakapare-pareho ng probinsya o rehiyon kung saan sila pinanganak. Kahit pa hindi sila lubos na magkakilala o hindi man lamang alam kung ano ang pangalan ng isa't isa ay itinuturing pa rin na bahagi ng sakop ng botante ang isang kandidato dahil para sakaniya nagsasalo sila sa iisang kaugalian, paniniwala, tradisyon, wika, at kultura. Sa ganitong paraan sinasabing "hindi na ibang tao" ang isang kandidatong kahit na ni minsan ay hindi niya nakasama o nakasalamuha.

Ngunit hindi ganoong kababaw ang pagkakaugnay nila sa isa't isa na umiikot lamang sa pisikal na pagkakaugnay. Nabanggit sa unang bahagi na marami sa mga kandidato ay nagmula sa mayayaman at prominenteng pamilya. Ang mga ito ay nanungkulan sa lokal na pamahalaan na hindi bumababa sa posisyon ng alkalde papunta sa gobernador at kongresista. Kadalasa'y matagal silang nanungkulan sa lokal na pamahalaan kaya naman masasabing ang kanilang pagkakaugnay ay mas malalim at may matagal na pundasyon sa pamamagitan ng ugnayan nila bilang tagapagsilbi at pinagsisilbihan.

Ngayong natalakay na natin ang tungkol sa pisikal na ugnayan ng botante at kandidato at ang malalim na ugnayang tagapagsilbi at pinagsilbihan ay maaari na nating konkretong sabihin na ang pilosopiya ng sakop ay maaaring gamitin sa pagsusuri sa rehiyonal na pagboto dahil nagpapamalas ito ng dalawang katangian ng sakop: ang *interpersonal* at ang herarkiya. Ang interpersonal na katangian ng sakop ay tumutukoy sa pakikipagkapuwa ng isang indibidwal sa ibang tao o pangkat. Hindi maituturing na sakop kung nag-iisa ka lamang; dapat mayroong sumasakop at nasasakupan.[17] Ang herarkiyang katangian naman ay tumutukoy sa disparity o agwat ng hindi pagkakatulad o pagkakapantay ng mga nakaatang na tungkulin sa isang ugnayan.[18] Isang halimbawa nito ay ang agwat sa pagitan ng tungkulin ng isang panganay kumpara sa tungkulin ng isang bunso. Sa gayon, maituturing na *interpersonal* ang ganitong ugnayan dahil ang botante (sarili) ay aktibong nakikipag-ugnayan sa isa o madaming kandidato (kapuwa) na itinuturing niyang "hindi ibang tao".[19] Sa kabilang banda, kakikitaan ng katangiang herarkiya dahil sa agwat ng hindi pagkakatulad sa inaasahang gampanin sa pagitan ng tagapagsilbi at pinagsisilbihan.

Para kay Mercado may mga pagkakataong lumiliit o lumalaki ang sakop ng isang individwal. Ang pamilya, angkan, fraternity, o gang ay maituturing na maliit na sakop habang ang isang partidong politikal ay malaki o malawak na sakop.[20] Katulad din to sa rehiyonal na pagboto kung saan may mga pagkakataong lumiliit o lumalawak ang sakop ng rehiyonal na pagboto. Ang rehiyonal na pagboto ay hindi lamang patungkol sa "rehiyonal" na pagpili ng kandidato kundi ay maaari rin itong tumukoy sa "probinsyal" na pagpapapasya. Ang mas lalong pagliit ng rehiyonal na pagboto papuntang "probinsyal na pagboto" ay nangyayari kung mayroong dalawang kandidato para sa iisang posisyon sa isang partikular na rehiyon. Halimbawa, noong nakaraang Halalan 2016 ay naglaban sina Robredo at Escudero sa pagkuha ng boto ng Region V o Bicol Region dahil pareho silang nagmula sa rehiyong ito: si Robredo sa Naga, Camarines Sur at si Escudero sa Sorsogon City, Sorsogon. Nahati ang buong

---

[17] Emmanuel C. de Leon, "Kabanata IV: Leonardo N. Mercado," in *Mga Tomasino Sa Pilosopiyang Filipino* (Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2019), 75.

[18] De Leon, *Leonardo Mercado*, 75.

[19] Ayon kay Virgilio Enriquez, ang kapuwa ay maituturing na "ibang tao" o "hindi ibang tao". Ang mga itinuturing na "hindi ibang tao" ay napapabilang sa kanyang sakop: De Leon, *Leonardo Mercado*, 75.

[20] De Leon, *Leonardo Mercado*, 75.

© TALISIK

ISSN 2362-9452
(cc) BY-NC

rehiyon sa pagitan ng maka-Robredo at maka-Escudero ngunit nakuha ni Robredo ang malaking bahagi ng boto ng mga Bicolano maliban sa probinsya ng Sorsogon kung saan nanalo si Escudero.[21]

Sa sitwasyon naman nang "paglaki" ng sakop ng rehiyonal na pagboto ay titignan muli natin sa nakaraang Halalan 2016:

> Nanalo si Duterte hindi lamang sa kanyang balwarte sa Davao kundi sa buong Mindanao maliban sa probinsya ng Agusan del Sur, Camiguin, Misamis Occidental at Zambaoanga del Norte kung saan nanalo si Manuel Roxas. Si Roxas rin ay hindi lamang nanalo sa Capiz kundi sa buong Visayas maliban sa Cebu, Bohol, Southern Leyte, Leyte, at Biliran kung saan nanalo si Duterte. Habang nakuha ni Grace Poe ang malaking bahagi ng buong Luzon partikular ang 16 na probinsya dito. [22]

Sa gayon, mayroon ring pagkakahating "pangkapuluan" sa pagitan ng mga taga-Luzon, mga taga-Visayas, at mga taga-Mindanao. Ang mga nabanggit na katangian ng rehiyonal na pagboto sa pilosopiya ng sakop ay mahalaga sa gagawing etikal na pagsusuri sa susunod na kabanata.

## Etikal na Pagsusuri Gamit ang Pilosopiya ng Sakop

Ang mga teoryang etika ng mga Kanluranin ay hindi sapat upang epektibong maipaliwanag at masuri ang isang penomenon na kakaiba sa kanilang karanasan. Gaya nang nauna kong sinabi patungkol sa pagkakaiba ng rehiyonal na pagboto ng Filipinas sa konsepto ng rehiyonal na pagboto sa mga bansang Kanluranin ay gayon din ang pagkakaiba sa mga teoryang pang-etika sa mga bansang Silanganin. Ang pagkakaibang ito ay dahil sa ang mga Kanluranin ay indibidwalistiko habang ang mga Silanganin ay "other-oriented" kung saan mas pinahahalagahan nila ang pakikipag-ugnayan sa kapwa at kalikasan. Ang pagiging indibidwalistiko ng mga Kanluranin ay ang naging dahilan kung bakit ang kanilang etika ay nakatuon sa karapatan (*rights*) ng isang indibidwal habang sa tungkulin (*duty*) nakatuon ang etika ng mga Silanganin.[23] Dahil dito napagpasyahan ng mananaliksik na hindi gumamit ng mga teoryang pang-Kanluranin sa halip ay gamitin ang pilosopiya ng sakop ni Leonardo Mercado. Nabanggit na sa naunang bahagi ng papel na ito ang kaugnayan ng pilosopiya ng sakop at rehiyonal na pagboto ngunit mahalagang maunawaan na hindi lamang ito isang sosyolohikal o antropolohikong konsepto ngunit ito ay kakikitaan ng mga etikal na konsepto at pagpapahalaga. Ang nakikitang potensyal ng pilosopiya ng sakop bilang kasangkapan sa etikal na pagsusuri ay ang nagtulak sa mananaliksik upang gamitin ito sa pagsusuri ng rehiyonal na pagboto sa Pilipinas.

Ang pagpili sa isang kandidato ay nakabase sa mga pagpapahalaga at pananaw ng isang indibidwal kung kaya't sa penomenon ng rehiyonal na pagboto na nakabase sa rehiyonal na pagkakaugnay niya sa kanyang kandidato ay kakikitaan rin ng mga pagpapahalaga at pananaw ukol sa kung ano ang tingin niya sa tama at mali, mabuti at masama, at sa pananaw niya tungkol sa kabutihang panlahat, katarungan, at katangian ng mabuting lider gamit ang lente ng pilosopiya ng sakop.

### *Ang Tama at Mali, Mabuti at Masama*

Sa panahon ng halalan maririnig ang iba't ibang diskurso patungkol sa kung sino ang "tamang kandidato" at ang "maling kanidato", "mabuting kandidato" at ang "masamang kandidato". Dito

---

[21] Karen Tiongson-Mayrina and Brenda Barrientos-Vallarta, "How the Provinces Voted for President, VP," *GMA News Online*, June 3, 2016, sec. News, https://www.gmanetwork.com/news/news/specialreports/568715/how-the-provinces-voted-for-president-vp/story/.

[22] Tiongson-Mayrina and Barrientos-Vallarta, *How the Provinces Vote*.

[23] Leonardo N. Mercado, "Katarungan (Justice)," in *Elements of Filipino Ethics* (Tacloban City: Divine Word University Publications, 1978), 54.

© TALISIK


ISSN 2362-9452
(cc) BY-NC

mapakikinggan ang pagtatalo sa mga nagawa ng isang kandidato: ano nga ba talaga itong mabubuting nagawa niya para sa bansa at ano-ano kayang mga batas o ordinansa ang naipasa niya habang siya'y nasa kanyang posisyon. Kung kaya't madalas ay dito rin inilalabas ng mga kandidato ang kani-kanilang *track record*. Kilala ang ganitong kaganapan bilang "pagpapabango" ng kani-kanilang pangalan sa masa. Sa kabilang banda, madalas maglabasan ang mga "baho" o mga katiwalian at mga nakaraang kamalian ng mga kandidato sa panahon ng halalan. Maliban dito, kilala rin ang mga Pilipino sa pagiging *populists* kung saan nakabase ang kanilang boto sa plataporma at pangako ng isang kandidato na bigyang tuon at halaga ang mga karaniwang tao sa halip na mga mayayaman at makapangyarihang *elites* sa Filipinas.[24] Karaniwang kilala ang mga kandidatong ito sa tawag na "boses ng masa" at may katangiang karismatik at dominante sa tingin ng mga botante gaya ng isang artista. Ito ang mga klase ng kandidato na huwarang nangangako ng isang agaran at malaking pagbabago sa mga Filipino bilang kanyang pangunahing plataporma na naging dahilan upang maka-agaw pansin sa panahon ng halalan.

Sa ganitong paraan masasabi nating para sa isang botante ang tama at mabuti ay iyong mayroon nang napatunayan, may mainam na *track record*, wala o kakaunti ang mga isyu ng katiwalian, iyong may matatag na plataporma upang magbigay pagbabago lalo na para sa mga karaniwang tao, at base sa kanyang popularidad. Sa kabilang banda, ang isang mali at masamang kandidato ay iyong wala o kakaunti pa lamang ang napapatunayan, kulang o mahina ang pangako ng pagbabago, at hindi ganoon ka-sikat at karismatik.

Ang mga nabanggit sa itaas ang karaniwang pamantayan ng pagpili ng kandidato para sa mga botante ngunit mag-iiba ang kanilang batayan ng pagpili ng kandidato na may implikasyon sa pananaw nila ng tama at mali, mabuti at masama sa penomenon ng rehiyonal na pagboto dahil nag-iba rin ang sitwasyon. Sa penomenon ng rehiyonal na pagboto ay mayroon nang koneksyon ang isang botante sa isang kandidato kaya't nagkaroon ng pagkiling (*bias*) at pagtanggi (*prejudice*) sa isa o maraming kandidato. Ayon sa pilosopiya ng sakop, ang pagiging *sakop-oriented* ng mga Filipino ay nagreresulta sa pagkakaroon ng dobleng pamantayan.[25] Ang indibidwal ay mayroon ng pagkiling sa isang kandidato dahil nagmula sila sa iisang rehiyon at pagtanggi sa ibang kandidato dahil hindi sila nagmula sa iisang rehiyon kahit pa mas may mataas na kwalipikasyon at mas may mainam na *track record*. Para sakanya, mas karapatdapat piliin ang pamilyar na kandidato kahit gaano ito kasama kaysa sa kandidatong bago sa paningin kahit pa gaano ito kabuti.

Isang magandang halimbawa ay ang pamilyang Marcos ng Ilocos Norte. Marami ang nagtataka na sa kabila ng napakadaming kontrobersya ng kanilang pamilya partikular sa mga ninakaw na kaban ng bayan noong panahon ng Martial Law na hindi pa rin lahat naibabalik ay patuloy pa rin silang nanunungkulan sa lokal at nasyonal na pamahalaan. Ang dating First-lady na si Imelda Marcos ay nanungkulan bilang kongresista sa Ikalawang Distrito ng Ilocos Norte noong 2019;[26] si Imee Marcos ay nanungkulan bilang senador noong 1998 hanggang 2007 at noong 2019 hanggang sa kasalukuyan, at gobernadora ng Ilocos Norte noong 2010;[27] at si Bongbong Marcos ay nanungkulan bilang senador

24 Adele Webb and Nicole Curato, "Populism in the Philippines," in *Populism Around the World: A Comparative Perspectibe*, 2018, 49–65, https://www.researchgate.net/publication/327799897_Populism_in_The_Philippines.

25 Leonardo N. Mercado, "The Filipino Mind," *The Council for Research in Values and Philosophy*, Cultural Heritage and Contemporary Change, 8 (1994): 160.

26 Colin Crummy, "Sole Survivor: How Imelda Marcos Strutted Back to Power in the Philippines," *The Irish Times*, December 14, 2019, sec. culture, https://www.irishtimes.com/culture/film/sole-survivor-how-imelda-marcos-strutted-back-to-power-in-the-philippines-1.4103547.

27 Rappler.com, "Imee Marcos Tops Election Results in the North," *Rappler*, May 14, 2019, https://www.rappler.com/newsbreak/iq/230622-imee-marcos-tops-results-north/.

© TALISIK

Volume IX, Issue no.1
ISSN 2362-9452
BY-NC

mula 2010 hanggang 2016,[28] tumakbo bilang bise-presidente noong Halalan 2016 ngunit natalo nang maliit na porsyento lamang kay Leni Robredo, at ngayong Halalan 2022 ay nakatakdang tumakbo sa pagkapangulo. Mataas pa rin ang tiwala ng mga taga-Ilocos Norte at ang "Solid North" sa pamilyang Marcos sa kabila ng kaliwa't kanang kontrobersya ng mga ito.

Kung titignan natin sa lente ng pilosopiya ng sakop, ang patuloy na pagtangkilik ng mga taga-Ilocos Norte at ang "Solid North" ay una dahil sa pisikal na pagkakaugnayan nila sa mga ito kung saan nagsasalo sila sa iisang kultura, paniniwala, at wika. Pangalawa ay dahil sa historikal na pagkakaugnay nila dahil matagal din nanungkulan at nagsilbi ang pamilyang Marcos sa lokal na pamahalaan dito. Dahil dito mayroon na silang "malalim na pinagsamahan" kaya ang pamilyang Marcos ay naging parte ng sakop ng mga mamamayan sa Ilocos Norte at ang mga karatig na rehiyon. Itinuturing niyang ang pagkapanalo ng kanyang sakop ay ang pagkapanalo niya rin kung kaya't nakadarama din siya ng kasiyahan sa pagkapanalo ng kandidatong parte ng kanyang sakop.[29] Kapansin-pansin ang ganitong uri ng kaugalian ng mga Filipino sa tuwing may nanalo sa isang internasyonal o pambansang kompetisyon kung saan kahit na hindi niya kakilala ang manlalahok ay ipinagmamalaki niya ito dahil pareho sila ipinanganak o nakatira sa iisang rehiyon. Mapapansin ang napakadaming 'congratulatory posts at messages' sa mga social media sites kahit pa hindi sila magkakilala ngunit nagsasalo siya sa tagumpay na nakamit ng manlalahok. Ngunit sa pagkakataong matalo ang kalahok ay tila siya rin ay natalo dahil para sa manonood hindi lamang kinakatawan ng kalahok ang sarili ngunit pati ang probinsya, rehiyon, o bansa nito na itinuturing niyang primaryang ugnayan nila. Ganito rin ang mapapansin natin sa penomenon nang rehiyonal na pagboto kung kaya't hindi lamang sa pagkapanalo o kasiyahan siya nakikisalo kundi pati na rin sa pagkabigo. Sa pagkabigo ng kanyang sakop ay makakaramdam din siya ng pagkabigo dahil naniniwala siyang mayroon siyang kontribusyon o ambag sa paglalakbay ng kandidato bilang matagal na ka-rehiyon at pinagsilbihan. Ang botante ay nagiging *extension* ng kandidato. Ang kagustuhang maipanalo ang kandidatong parte ng kanyang sakop at ang pag-iwas sa kabiguan ang nagtutulak sa kaniya upang suportahan ang isang kandidato kahit pa gaano ito kasama o napapalibutan ng mga kontrobersya.

Sa kabuuan, sa penomenon ng rehiyonal na pagboto ang basehan ng tama at mabuti ay ang anumang magbibigay kasiyahan sa kanyang sakop at ang mali at masama ay iyong mga bagay na magbibigay kalungkutan o kabiguan sa kanyang sakop. Ang ganitong pananaw sa tama at mali, mabuti at masama ay may negatibong implikasyon sa konsepto ng katarungan na tatalakayin sa mga susunod na bahagi ng kabanata.

*Pag-unawa sa Konsepto ng Kabutihang Panlahat*

Kaugnay nang mga nabanggit sa itaas, para sa mga botante ay nagsasalo sila sas iisang "paglalakbay" kaya't tila may responsibilidad sila sa isa't isa bilang "magkabaryo". Ngunit ang responsibilidad ng isa't isa ay hindi nagtatapos sa pagsuporta lamang ng botante sa kandidato. Maaari itong maiugat sa panibagong kulturang Pilipino: ang pagtanaw ng utang-na-loob. Ang pagtanaw ng utang-na-loob ay isang katangian ng *patron-client relationship* sa politika ng Filipinas na nagpapakita ng tangkang pagtumbas ng indibidwal sa natanggap niyang *tulong* mula sa isang politiko o kaya ang inaasahang matatanggap na *tulong* mula sa politiko patungo sa indibidwal matapos niya itong suportahan.[30] Subalit itinuturing na

[28] "Senator Ferdinand 'Bongbong' R. Marcos, Jr.," Legacy Senate, accessed December 7, 2021, https://legacy.senate.gov.ph/senators/sen_bio/bmarcos_bio.asp.

[29] Mercado, *Sakop and the Individual*, 49.

[30] L.B. Teves, "Patron-Client Relationship and Participation: The Case of the Philippines," *Entwicklungsenthnologie* 9, no. 1 (2000): 43–59.

© TALISIK

Volume IX, Issue no.1
ISSN 2362-9452
(cc) BY-NC

*Janus-faced* ang isang politiko dahil ang tulong na kanyang ibinigay ay may inaasahang kapalit (sa anyo ng boto o anumang uri ng pagsuporta sa politiko) at dahil maaaring magkaroon ng *pagtataksil* o hindi pagtupad sa kanyang pangako (na *tulong*) sa indibidwal na sumoporta sakaniya.[31] Sa ganitong paraaan mahahalintulad ang *patron-client relationship* sa Filipinas sa ugnayang tagapagsilbi at pinagsisilbihan sa penomenon ng rehiyonal na pagboto. Ito ay dahil matagal na nanilbihan ang kandidato sa lokal na pamahalaan na kinabibilangan ng botante kaya ang mga *tulong* at iba pang *kabutihang loob* na natanggap niya ay inaasahang tatanawin ng botante bilang utang-na-loob sa kandidato kaya't mataas ang posibilidad na susuportahan niya ito sa halalan.

Ngunit hindi dito nagtatapos ang pagtanaw ng utang-na-loob na mula sa botante para sa kandidato, kundi mayroon ding inaasahang pagtanaw ng utang-na-loob mula sa kandidato patungo sa botante na parte ng kanyang sakop. Madalas nating marinig ang katagang "Iboboto ko si (*pangalan ng kandidatong karehiyon niya*) dahil alam ko na kung mananalo siya ay bibigyan niya ng pokus ang pagpapatupad ng mga polisiya at programa na lubos na mapapakinabangan ng ating rehiyon." Kung gayon hindi lamang kabutihan ng "lahat" ng Filipino ang nasa kanyang isip kundi mas pinapanigan niya rin kung ano ang mabuti para sa "lahat" ng parte ng kanyang sakop. Kahit na hindi indibidwalistikong maituturing ang mga Filipino ay hindi niya pa rin inilalayo ang kapakanan ng kanyang kapuwa sa kanyang pansariling kapakanan.[32] Dahil siya ay may pagkiling sa kandidato na nagmula sa kanyang rehiyon ay inaasahan din niyang may parehong pagkiling ang kandidatong ito sakaniya bilang taga-suporta na nagmula sa parehong rehiyon. Naging tila walang katapusan ang pagtanaw ng utang-na-loob. Mula sa kandidato patungo sa botante at papunta sa kandidato at pabalik sa botante at patuloy ang pag-ikot nito. Ito marahil ang dahilan kung bakit sa tinagal ng panahon ay hindi pa rin lumilipas ang suporta ng mga kabalwarte ng isang kandidato kahit pa nasadlak na ito sa napakaraming katiwalian. Para kay Mercado, ang pagiging sakop-oriented ng mga Filipino ay ang dahilan sa paghingi ng tulong ng indibidwal sa kanyang sakop sa tuwing siya ay nabibigo at ang pagbabahagi ng kasiyahan sa tuwing siya ay nasa magandang disposisyon.

Ang ganitong uri ng pag-iisip ay hindi lamang kaligayahan o kalungkutan ng kanyang sakop ang nasa isip ng isang indibidwal kundi hindi niya pa rin nilalayo ang kapakanan ng kanyang sarili. Maituturing na indibidwalistiko pa rin ang mga Filipino ngunit sa naiibang paraan. Sa kanyang pananaw ng kabutihang panlahat ay hindi lamang kung ano iyong nakabubuti sa kanyang sakop kundi pati din sa kanyang sarili. Sa konsepto ng kabutihang panlahat, ang sakop ng "lahat" ay ang kanyang *sakop* lamang at hindi talagang lahat ng mga Filipino. Sa *patron-client relationship* at ugnayang tagapagsilbi at pinagsisilbihan, ang botante ay may pagkiling sa kandidato na kabilang sa kanyang sakop kaya't sa halip na ang pamantayan ng pagboto ng indibidwal ay batay sa kwalipikasyon ng kandidato, ang botante ay nakatingin sa kanyang sakop. Ang pagtingin sa sakop ay ang pagbabalewala sa kabutihang panlahat, ang mas malawak na sakop ng "lahat".

Ang ganitong pananaw sa kabutihang panlahat ay nakakaalarma dahil mas lalo nitong pinaghihiwalay o pinaghahati-hati ang mga Filipino sa pagitan ng mga nahahating rehiyon. Imbes na pagtuunan ng pansin kung ano itong makabubuti para sa lahat ng Filipino tungo sa mas progresibo at malawakang kaunlaran ay mas pinagtutuunan ng pansin ang kabutihang "panrehiyonal" lamang.

---

[31] John Thayer Sidel, "Beyond Patron-Client Relation: Warlordism and Local Politics in the Philippines," *Kasarinlan* 4, no. 3 (1989): 19–30.

[32] Mercado, *The Filipino Mind*, 160.

© TALISIK

Volume IX, Issue no.1
ISSN 2362-9452
(cc) BY-NC

*Pananaw sa Katarungan*

Ang kandidato ay *extension* ng botante bilang parte ng kanyang sakop kung kaya't ano mang kasiyahan niya ay nakadarama din siya ng kasiyahan at ang ano mang ikinalulungkot o ikinabibigo ng kanyang sakop ay siya ring ikinalulungkot o ikinabibigo niya.[33] Kung kaya tuwing binabatikos ang isang kandidato ay tila siya rin ay kasamang pinapahiya. Ang hiya (o *shame*) ay isang pagpapahalagang Filipino kung saan nakararamdam siya ng pagbaba ng kanyang pagkatao sa tuwing may nagagawang hindi sinasang-ayunan ng itinakdang pamantayan ng lipunan. Ito ang pinakainaayawan niyang maranasan kaya't ang indibidwal na nasasadlak sa kahihiyan ay maaaring maging bayolente.[34] Sa penomenon ng rehiyonal na pagboto ay mapapansin ang pagiging bayolente ng mga taga-suporta ng isang kandidato partikular sa kanyang rehiyon sa sino mang "naninira" sa kanyang *sakop*. Ano mang bayolenteng aksyon niya ay nabibigyang katwiran kahit pa may ibang tao na siyang nasasaktan dahil ginagawa niya ito sa ngalan ng ikasasaayos ng kanyang sakop. Halimbawa nito ay ang mainit at mapait na palitan ng mga "Solid North" sa "United Bicol" noong nakaraang Halalan 2016.[35]

Ang armonya ay isang pinakamahalagang katangian ng sakop. Isasakripisyo niya ang pansariling kapakanan para sa mas mataas na halaga ng pagkakaisa.[36] Ibinigay na halimbawa ni Mercado ang pilosopiya sa pagsasabong ng mga Filipino. Ayon sa kaniya, ang pagpili ng mananabong sa pupustahan niyang manok ay nakabatay sa koneksyon niya sa may-ari ng manok. Pipiliin niya ang panabong ng isang kaibigan o kabaryo sa halip na iba at ang pagpili sa kabilang panig na hindi kasama sa kanyang sakop ay maituturing na pagtaliwas sa kanyang sakop. Bilang mananabong ay panandalian niyang isusuko at isasantabi ang pansariling kagustuhan at mga pagtanggi para sa kapakanan ng sakop.[37] Dito makikita ang mataas na pagpapahalaga sa armonya ng indibidwal sa kanyang sakop kaya't handa siyang gawin ang lahat para mapanatili ito at maiwasan ang anumang tunggalian. Sa penomenon ng rehiyonal na pagboto, maaring ituring na wala o hindi marunong makisama ang isang indibidwal na hindi pipiliin ang kandidatong mula sa kanyang rehiyon. Maaari rin siyang bansagang *traydor* at *taksil* dahil sa pagtaliwas niya sa inaasahang kilos na dapat niyang gawin at sundin. Kung gayon, sa kagustuhang hindi mapahiya, matawag na *hindi marunong makisama*, at mapanatili ang armonya sa pagitan ng kanyang mga kapwa botante sa kanyang rehiyon ay ibaba niya ang kanyang desisyon sa ano mang napagpasyahan ng kanyang sakop: ang suportahan ang kandidato na nagmula sa kanilang rehiyon. Maikokonekta din ito sa naunang pagtalakay ukol sa indibidwalistikong katangian ng sakop. Mayroon siyang makukuhang kapakinabangan sa pagsuporta sa kandidato kahit na sabihing mayroon siyang pagkiling dahil mas mahalaga pa rin sakaniya ang sinasabi ng kanyang sakop kaysa sa iba na labas sa kanyang sakop.

Ang ganitong uri ng pananaw sa katarungan ay maaaring magresulta sa dobleng pamantayan ng katarungan kung saan ang basehan ng tama at mali ay nakadepende sa dikta ng kanyang sakop. Maaari rin itong magresulta sa pagtalikod sa hustisya at ang pagtanggap sa inhustisya kung ang indibidwal na nakagawa ng masama o krimen ay parte ng kanyang sakop at sa pagsagawa nito ay mayroon rin siyang matatanggap na pansariling kapakinabangan.

---

[33] "the sakop fulfillment, is also personal fulfillment" from Mercado, *Filipino Mind*, 126.

[34] Mercado, *Katarungan (Justice)*, 61.

[35] Bea Cupin, "Robredo: United Bicol Can Beat the 'Solid North,'" *Rappler*, May 6, 2016, sec. Philippine Election, https://www.rappler.com/nation/elections/131994-robredo-united-bicol-beat-solid-north/.

[36] De Leon, "Leonardo Mercado", 57-86.

[37] Mercado, *The Filipino Mind*, 143-45.

© TALISIK

Volume IX, Issue no.1
ISSN 2362-9452
(cc) BY-NC

*Ang pananaw sa mabuting lider*

Base sa mga naunang pagtatalakay, ang konsepto ng tama at mabuting kandidato, mali at masamang kandidato ay nakabase sa kasiyahan at kabiguan ng kanyang sakop. Higit dito, dahil mataas ang pagbibigay halaga niya sa armonya sa pagitan ng kanyang sarili at sakop at pagsunod sa dikta ng kanyang sakop, nagkakaroon ng mga pagbabago sa kanyang pananaw sa kabutihang panlahat at katarungan. Ang mga pagbabagong naganap sa mga konseptong nabanggit ay may negatibong implikasyon din sa kanyang pananaw sa mabuting lider.

Nabanggit sa unang bahagi ng Etikal na Pagsusuri na labas sa konteksto ng rehiyonal na pagboto, ang madalas na basehan ng isang mabuting lider ay iyong may malinis at magandang track record, iyong magbibigay kaginhawaan sa mga Filipino, iyong magbibigay kaayusan sa mga isyung hinaharap ng bansa na matagal nang nalugmok sa kahirap, at iyong popular at karismatik.

Ngunit sa konteksto ng rehiyonal na pagboto, ang pagbabagong naganap sa pagkakaroon ng pagkiling sa kandidatong kasama sa iisang rehiyon at pagtanggi sa kandidato hindi kabilang sa kanyang rehiyon ay nagresulta sa pagtingin sa mabuting lider bilang isang klase ng lider na nagtataglay ng mga sumusunod na katangian: parte ng kanyang sakop, inaasahang bibigyang tuon ang sariling rehiyon upang mas lalong magbigay kaunlaran sa mga mamamayan nito na kabilang sa kanyang sakop, at iyong magbibigay kaginhawahan sakaniya bilang isang pagtanaw ng utang-na-loob ng kandidato sa patuloy na pagsuporta sa kaniya ng botante. Subalit nais ko uling bigyang linaw na ang ugnayan ng botante at kandidato na parte ng kanyang sakop ay hindi lamang umiikot sa pisikal na pagkakaugnayan nila kundi sa mas malalim at ganap na ugnayan: (1) nagsasalo sila sa iisang wika, kultura, tradisyon, at paniniwala; (2) at matagal na nanilbihan ang mga kandidato sa kanilang rehiyon. Base sa dalawang naunang obserbasyon ay ating mapapansin na ang mga pagbabagong naganap sa pananaw sa mabuting lider ay hindi maaaring sabihin na nakabatay lamang sa pansariling hangarin ang pagsuporta ng mga botante. Maaaring para sa botante ay "mabuti" ang kandidatong parte ng kanyang sakop dahil matagal itong nanungkulan sa kanyang rehiyon kaya personal na nasaksihan at napakinabangan niya ang mga ordinansa at proyektong naipatupad nito sa kanyang rehiyon, at madalas ito nagiging parte ng mga pag-uusap ng mga tao na naging dahilan upang tignan niya ang kandidato na parte ng kanyang sakop bilang "mabuting manglilingkod".

**Kongklusyon**

Naipakita sa mga ginawang pagtalakay na sa penemonon ng rehiyonal na pagboto nag-iiba ang pananaw ng isang indibidwal sa kung ano ang tama at mali, mabuti at masama, sa konsepto ng kabutihang panlahat, katarungan, at batayan ng mabuting lider. Ang basehan ng tama at mabuti ay ang anumang magbibigay kasiyahan sa kanyang sakop at ang mali at masama ay iyong mga bagay na magbibigay kalungkutan o kabiguan sa kanyang sakop habang ang konsepto ng kabutihang panlahat ay anumang nakabubuti sa "lahat" ng kasama sa kanyang sakop at hindi ang lahat ng kanyang kapuwa Filipino; ang konsepto sa katarungan ay nagreresulta sa dobleng pamantayan ng katarungan kung saan nakabatay ito sa dikta ng kanyang sakop; at ang pamantayan sa pagpili ng mabuting lider ay sino mang makabubuti sa kanyang sakop at sarili.

Dahil sa mga nabanggit na pagsisiwalat sa etikal na pagpapahalagang nakapaloob sa rehiyonal na pagboto gamit ang pilosopiya ng sakop ni Leonardo Mercado ay maituturing na isa itong nakakaalarmang kultura sa Filipinas dahil sa hindi maayos na distribusyon ng boto na maaaring magresulta sa hindi patas at hindi makatarungang eleksyon at ang mas lalo nitong paghahati sa mga


(cc) BY-NC

Filipino sa iba't ibang probinsya, rehiyon, at kapuluan. Ang rehiyonal na pagboto ay isang balakid sa ganap na pagtatag ng isang nasyonal na sakop ng mga Filipino. Kaya kung magpapatuloy ang ganitong kultura lalo na sa darating na Halalan 2022 ay inaasahang magkakaroon pa rin ng hindi makatarungang eleksyon at ang paglaganap ng korupsyon at gulo sa pagitan ng mga nag-tutunggalian na mga rehiyon. Inaasahang magtitipon tipon pa rin ang mga botante na nagmula sa iisang rehiyon upang suportahan ang kanilang kandidato nang hindi sinusuri at ginagamitan ng kritikal na pag-aanalisa ang pagpili ng susunod na mga uupo sa pwesto ng Pangulo at Ikalawang Pangulo. Bagamat may mga pagkakataong ang pagiging *sakop-oriented* ng mga Filipino ay nagpapakita ng kanilang pagpapahalaga hindi lamang sa sarili kundi sa kabutihan ng kanyang kapuwa ay hindi pa rin maiiwasan ang negatibong implikasyon nito sa mga moral na pagpapahalaga kaya't kinakailangang magkaroon ng pagsusuri ang mga Filipino sa mga pagbabagong kinakailangan nilang gawin upang ang mga tradisyonal at hindi na nakabubuting mga kaugalian at kultura ay mabigyan kaayusan.

Higit sa lahat ipinapakita ng pagsusuring ito na maaaring gamitin ang pilosopiya ng sakop upang suriin ang mga etikal na pagpapahalagang nakapaloob sa kulturang Filipino at kung bibigyan lamang ng kaukulang atensyon ng mga mag-aaral sa pilosopiya at mga Filipinong pilosoper ay maaaring kakitaan ng potensyal upang magamit sa mga etikal na pagsusuri ng mga kulturang Filipino.


(cc) BY-NC

**Talasanggunian**


Webb, Adele and Curato, Nicole. "Populism in the Philippines." In *Populism Around the World: A Comparative Perspectibe*, 49–65, 2018.

Ayalin, Adrian. "VP Robredo Hopes for Solid Bicol Vote as She Wraps up 5-Day Trip in Home Region." ABS-CBN News, October 31, 2021. https://news.abs-cbn.com/news/10/31/21/robredo-hopes-for-solid-bicol-vote-as-she-wraps-up-5-day-trip-in-home-region.

McCoy, Alfred W. *An Anarchy of Families: State and Family in the Philippines*. Ateneo de Manila University Press, 1994.

Cupin, Bea. "Robredo: United Bicol Can Beat the 'Solid North.'" *Rappler*, May 6, 2016, sec. Philippine Election. https://www.rappler.com/nation/elections/131994-robredo-united-bicol-beat-solid-north/.

Crummy, Colin. "Sole Survivor: How Imelda Marcos Strutted Back to Power in the Philippines." *The Irish Times*, December 14, 2019, sec. culture. https://www.irishtimes.com/culture/film/sole-survivor-how-imelda-marcos-strutted-back-to-power-in-the-philippines-1.4103547.

de Leon, Emmanuel C. "Kabanata IV: Leonardo N. Mercado." In *Mga Tomasino Sa Pilosopiyang Filipino*, 56–86. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2019.

Timbreza, Florentino T. "Pamimilosopiya Sa Sariling Wika: Mga Problema at Solusyon." *Malay* 22, no. 1 (September 2009): 32. https://doi.org/10.3860/malay.v22i1.1351.

Escosio, Jan V. "Pacquiao Eyes More Votes in Visayas, Mindanao." Inquirer.net, November 21, 2021. https://newsinfo.inquirer.net/1518067/pacquiao-eyes-more-votes-in-visayas-mindanao.

Sidel, John Thayer. "Beyond Patron-Client Relation: Warlordism and Local Politics in the Philippines." *Kasarinlan* 4, no. 3 (1989): 19–30.

Jimenez, Josephus B. "Regional Voting Patterns." *The Freeman*, April 8, 2021, sec. Opinion. https://www.philstar.com/the-freeman/opinion/2021/04/08/2089651/regional-voting-patterns

Teehankee, Julio. "Electoral Politics in the Philippines." *Friedrich-Ebert-Stiftung*, Electoral Politics in Southeast & East Asia, 2002.

Tiongson-Mayrina, Karen and Barrientos-Vallarta, Brenda. "How the Provinces Voted for President, VP." *GMA News Online*, June 3, 2016, sec. News. https://www.gmanetwork.com/news/news/specialreports/568715/how-the-provinces-voted-for-president-vp/story/.

Teves, L.B. "Patron-Client Relationship and Participation: The Case of the Philippines." *Entwicklungsenthnologie* 9, no. 1 (2000): 43–59.


© TALISIK

(cc) BY-NC

Legacy Senate. "Senator Ferdinand 'Bongbong' R. Marcos, Jr." Accessed December 7, 2021. https://legacy.senate.gov.ph/senators/sen_bio/bmarcos_bio.asp.

Mercado, Leonardo N. "Katarungan (Justice)." In *Elements of Filipino Ethics*. Tacloban City: Divine Word University Publications, 1978.

———. "Sakop and the Individual." In *Elements of Filipino Ethics*. Tacloban City: Divine Word University Publications, 1978.

———. "The Filipino Mind." *The Council for Research in Values and Philosophy*, Cultural Heritage and Contemporary Change, 8 (1994): 1–177.

Albert, Melissa. "Benigno Aquino III." Encyclopedia Britannica, June 24, 2021. https://www.britannica.com/biography/Benigno-Aquino-III.

Pew Reserach Center. "Beyond Red vs. Blue: The Political Typology." *Pew Research Center*, November 20, 2021, 5–169.

Rappler.com. "Imee Marcos Tops Election Results in the North." *Rappler*, May 14, 2019. https://www.rappler.com/newsbreak/iq/230622-imee-marcos-tops-results-north/.

Agoncillo, Teodoro A. *History of the Filipino People*. Eight Edition. C & E Publishing, Inc., 1990.

The Editors of Encyclopaedia Britannica. "Ferdinand Marcos Ruler of the Philippines." Britannica. Accessed December 1, 2021. https://www.britannica.com/biography/Ferdinand-E-Marcos.

———. "Joseph Estrada." Encyclopedia Britannica, April 15, 2021. https://www.britannica.com/biography/Joseph-Estrada.

The Kahimyang Project. "Today in Philippine History, November 4, 1986, Carlos P. Garcia Was Born in Talibon, Bohol." Accessed November 24, 2021. https://kahimyang.com/kauswagan/articles/1328/today-in-philippine-history-november-4-1896-carlos-p-garcia-was-born-in-talibon-bohol.

The Manila Times. "Solid North Backs Bongbong-Sara in 2022 Elections," August 28, 2021. https://www.manilatimes.net/2021/08/28/news/regions/solid-north-backs-bongbong-sara-in-2022-elections/1812623.

Toppr Website. "What Are the Challenges of Democracy?" Accessed December 14, 2021. https://www.toppr.com/guides/political-science/challenges-to-democracy/what-are-the-challenges-of-democracy/.

Your Dictionary. "Elpidio Quirino." Accessed November 24, 2021. https://biography.yourdictionary.com/elpidio-quirino.

© TALISIK

(cc) BY-NC